



**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG IYONG MEDIKAL NA IMPORMASYON, AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.**

**Nagkaroon ng bisa noong 08.14.2017**

**Mga Tungkulin ng Mga Sinasaklaw na Entity:**

Ang Health Net\*\* (na binabanggit dito bilang “kami” o “ang Plano”) ay isang Sinasaklaw na Entity na inilalarawan at pinapangasiwaan sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA). Inaatasan ng batas ang Health Net na panatilihin pribado ang iyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI), ibigay sa iyo ang Abisong ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy na nauugnay sa iyong PHI, sundin ang mga tuntunin ng Abiso na ipinapatupad sa kasalukuyan, at abisuhan ka kung may magiging paglabag sa iyong hindi ligtas na PHI. Tumutukoy ang PHI sa impormasyon tungkol sa iyo, kasama ang demograpikong impormasyon, na maaaring makatuwirang gamitin upang matukoy ang iyong pagkakakilanlan, na nauugnay sa kalusugan o kundisyon ng iyong katawan o pag-iisip sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap, sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo, o sa pagbabayad para sa pangangalagang iyon.

Inilalarawan ng Abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at ihayag ang iyong PHI. Inilalarawan din nito ang karapatan mong i-access, baguhin, at pamahalaan ang iyong PHI, at kung paano mo magagamit ang mga karapatang iyon. Ang lahat ng iba pang paggamit at paghahayag ng iyong PHI na hindi inilalarawan sa Abisong ito ay gagawin lang nang may nakasulat na pahintulot mula sa iyo.

May karapatan ang Health Net na baguhin ang Abisong ito. May karapatan kaming ilapat ang nasusugan o nabagong Abiso sa iyong PHI na hawak namin sa kasalukuyan, maging sa alinman sa iyong PHI na matatanggap namin sa hinaharap. Babaguhin at ipapamahagi kaagad ng Health Net ang Abisong ito kapag may mahalagang pagbabago sa sumusunod:

- Mga paggamit o paghahayag
- Iyong mga karapatan
- Aming mga legal na tungkulin
- Iba pang kasanayan sa privacy na nakasaad sa abiso

Ilalagay namin ang anumang nasusugang Abiso sa aming website at sa aming Handbook ng Miyembro.

**\*\*Nalalapat ang Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito sa mga nagpapatala sa alinman sa mga sumusunod na entity ng Health Net:**

Health Net of California, Inc., Health Net Community Solutions, Inc., Health Net Health Plan of Oregon, Inc., Managed Health Network, LLC, at Health Net Life Insurance Company, na mga sangay ng Health Net, Inc. at Centene Corporation. Ang Health Net ay isang rehistradong service mark ng Health Net, Inc. Ang lahat ng iba pang tinukoy na mga trademark/service mark ay nananatiling pag-aari ng mga kaukulang kumpanya ng mga ito. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Binago noong 04/06/2018

FLY019963TH00 (11/17)

### **Mga Panloob na Proteksyon ng Pasalita, Pasulat, at Electronic na PHI:**

Pinoprotektahan ng Health Net ang iyong PHI. Mayroon kaming mga proseso para sa privacy at seguridad upang makatulong.

Narito ang ilan sa mga bagay na ginagawa namin upang maprotektahan ang iyong PHI.

- Sinasanay namin ang aming mga tauhan na sundin ang aming mga proseso para sa privacy at seguridad.
- Inaatasan namin ang aming mga kasosyo sa negosyo na sundin ang mga proseso para sa privacy at seguridad.
- Pinapanatili naming ligtas ang aming mga tanggapan.
- Ibinabahagi lang namin ang iyong PHI sa mga taong dapat makaalam nito para sa layunin ng negosyo.
- Pinapanatili naming ligtas ang iyong PHI kapag ipinapadala o itinatabi namin ito sa electronic na paraan.
- Gumagamit kami ng teknolohiya upang hindi ma-access ng mga maling tao ang iyong PHI.

### **Mga Pinapahintulatang Paggamit at Paghahayag ng Iyong PHI:**

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga paraan kung paano namin maaaring gamitin o ihayag ang iyong PHI nang walang pahintulot o permiso mula sa iyo:

- **Paggamot** – Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI sa isang doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo upang mapangasiwaan ang iyong paggamot sa iba't ibang provider, o upang matulungan nila kaming magpasya para sa paunang pahintulot kaugnay ng iyong mga benepisyos.
- **Pagbabayad** – Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI upang makapagbayad ng mga benepisyos para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa iyo. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa iba pang planong pangkalusugan, provider ng pangangalagang pangkalusugan, o iba pang entity na napapailalim sa Mga Panuntunan sa Privacy ng pederal para sa kanilang mga layunin sa pagbabayad. Maaaring kasama sa mga aktibidad sa pagbabayad ang:
  - pagproseso ng mga claim
  - pagtukoy kung kwalipikado ba ang isang indibidwal o pagtukoy ng saklaw para sa mga claim
  - pagbibigay ng mga bill para sa premium
  - pagsusuri ng mga serbisyo para sa medikal na pangangailangan
  - pagsasagawa ng pagsusuri ng paggamit para sa mga claim
- **Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan** – Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI sa aming pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kasama sa mga aktibidad na ito ang:
  - pagbibigay ng mga serbisyo sa customer
  - pagtugon sa mga reklamo at apela
  - pamamahala ng kaso at pangangasiwa ng pangangalaga
  - medikal na pagsusuri ng mga claim at iba pang pagtatasa ng kalidad
  - mga aktibidad para sa pagpapahusay

Sa aming pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari kaming maghayag ng PHI sa mga kasosyo sa negosyo. Magkakaroon kami ng mga nakasulat na kasunduan

upang maprotektahan ang privacy ng iyong PHI sa mga kasosyong ito. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa iba pang entity na napapailalim sa Mga Panuntunan sa Privacy ng pederal. May kaugnayan din dapat sa iyo ang entity para sa pagpapatakbo nito sa pangangalagang pangkalusugan. Kasama rito ang mga sumusunod:

- pagtatasta ng kalidad at mga aktibidad para sa pagpapahusay
  - pagsusuri sa kakayahan o mga kwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
  - pamamahala ng kaso at pangangasiwa ng pangangalaga
  - pagtukoy o pag-iwas sa panloloko o pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan at
- ***Mga Paghahayag ng Pangkatang Planong Pangkalusugan/Tagapagtaguyod ng Plano*** – Maaari naming ihayag ang iyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan sa isang tagapagtaguyod ng pangkatang planong pangkalusugan, gaya ng isang employer o iba pang entity na nagbibigay ng programa ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo, kung sumang-ayon ang tagapagtaguyod sa ilang partikular na paghihigpit kaugnay ng paggamit o paghahayag nito sa pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan (gaya ng hindi paggamit sa pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan para sa mga pagkilos o pasyang nauugnay sa trabaho).

### **Iba Pang Pinapahintulutan o Kinakailangang Paghahayag ng Iyong PHI:**

- ***Mga Aktibidad sa Paglikom ng Pondo*** – Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga aktibidad sa paglikom ng pondo, gaya ng pangangalap ng salapi para sa isang foundation para sa pagkakawanggawa o isang katulad na entity upang mapondohan ang kanilang mga aktibidad. Kung makikipag-ugnayan man kami sa iyo para sa mga aktibidad sa paglikom ng pondo, bibigyan ka namin ng pagkakataong mag-opt out, o ipahinto, ang pagpapadala ng mga nabanggit na komunikasyon sa iyo sa hinaharap.
- ***Mga Layunin sa Underwriting*** – Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga layunin sa underwriting, gaya ng pagpapasya kaugnay ng isang aplikasyon o kahilingan para sa saklaw. Kung gagamitin o ihahayag man namin ang iyong PHI para sa mga layunin sa underwriting, hindi namin maaaring gamitin o ihayag ang PHI tungkol sa iyong genes sa proseso ng underwriting.
- ***Mga Paalala para sa Appointment/Alternatibo sa Paggamot*** – Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI upang ipaalala sa iyo ang isang appointment para sa paggamot at medikal na pangangalaga sa amin, o upang bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga alternatibo sa paggamot o iba pang benepisyo at serbisyong nauugnay sa kalusugan, gaya ng impormasyon tungkol sa pagtigil sa paninigarilyo o pagbabawas ng timbang.
- ***Alinsunod sa Iniaatas ng Batas*** – Kung iniaatas ng batas ng pederal, estado, at/o lokal na gamitin o ihayag ang iyong PHI, maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas para sa nabanggit na paggamit o paghahayag, at limitado ito sa mga kinakailangan ng naturang batas. Kung magkasalungat ang dalawa o higit pang batas o mga regulasyon na sumasaklaw sa iisang paggamit o paghahayag, susundin namin ang mas mahihigpit na mga batas o regulasyon.
- ***Mga Aktibidad sa Pamublikong Kalusugan*** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang awtoridad sa pamublikong kalusugan upang mapigilan o makontrol ang isang sakit, pinsala, o kapansanan. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa Food and Drug Administration (FDA) upang matiyak na magiging de-kalidad, ligtas, at epektibo ang mga produkto o serbisyo sa ilalim ng hurisdiksyon ng FDA.

- ***Mga Biktima ng Pang-aabuso at Kapabayaan*** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang awtoridad ng pamahalaan ng lokal, estado, o pederal, kasama ang mga serbisyong panlipunan o isang ahensya ng mga serbisyo sa pagprotekta na pinapahintulutan ng batas, upang matanggap ang mga nabanggit na ulat kung makatuwiran ang paniniwala namin na may nangyayaring pang-aabuso, kapabayaan, o karahasan sa tahanan.
- ***Mga Panghukuman at Pang-administratibong Paglilitis*** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga panghukuman at pang-administratibong paglilitis. Maaari namin itong ihayag bilang tugon sa sumusunod:
  - isang kautusan ng hukuman
  - administrative tribunal
  - subpoena
  - summons
  - warrant
  - paghiling ng ebidensya
  - katulad na legal na kahilingan
- ***Mga Nagpapatupad ng Batas*** – Maaari naming ihayag ang iyong nauugnay na PHI sa mga nagpapatupad ng batas kapag inatasan kaming gawin ito. Halimbawa, bilang tugon sa isang:
  - kautusan ng hukuman
  - warrant na ipinag-utos ng hukuman
  - subpoena
  - summons mula sa isang judicial officer
  - grand jury subpoena

Maaari din naming ihayag ang iyong nauugnay na PHI upang matukoy ang pagkakakilanlan o mahanap ang lokasyon ng isang suspek, pugante, mahalagang saksi, o nawawalang indibidwal.

- ***Mga Coroner, Medikal na Tagasuri at Mga Funeral Director*** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang coroner o medikal na tagasuri. Maaaring kinakailangan ito, halimbawa, upang matukoy ang dahilan ng pagkamatay ng isang indibidwal. Maaari din naming ihayag ang iyong PHI sa mga funeral director, kung kinakailangan, upang magawa nila ang kanilang mga tungkulin.
- ***Pag-donate ng Organ Mata at Tissue*** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga organisasyon para sa pagkuha ng organ (organ procurement organization). Maaari din naming ihayag ang iyong PHI sa mga nagtatrabaho para sa pagkuha, pamamahala, o pag-transplant ng:
  - mga organ mula sa mga pumanaw nang indibidwal
  - mga mata
  - mga tissue
- ***Mga Banta sa Kalusugan at Kaligtasan*** – Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI kung naniniwala kami, nang may mabuting hangarin, na kinakailangan ang naturang paggamit o paghahayag upang mapigilan o mabawasan ang isang matindi o napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.
- ***Mga Espesyal na Tungkulin ng Pamahalaan*** – Kung isa kang miyembro ng Sandatahang Lakas ng U.S., maaari naming ihayag ang iyong PHI kung ipag-uutos ng mga namamahalang awtoridad sa militar. Maaari din naming ihayag ang iyong PHI:

- sa mga awtorisadong opisyal ng pederal para sa mga aktibidad sa pambansang seguridad at pangangalap ng impormasyon
  - sa Departamento ng Estado (Department of State) para sa mga pagpapasya kaugnay ng medikal na kaangkupan
  - para sa mga serbisyo sa pagprotekta ng Pangulo o iba pang awtorisadong indibidwal
- **Bayad-pinsala ng Mga Manggagawa** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI bilang pagsunod sa mga batas na nauugnay sa bayad-pinsala ng mga manggagawa o iba pang katulad na programa na itinakda ng batas, na nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga pinsala o karamdamang nauugnay sa trabaho, sinuman ang may sala.
  - **Mga Emergency na Sitwasyon** – Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang emergency na sitwasyon, o kung wala ka o wala kang kakayahang magpasya, sa isang kapamilya, malapit na kaibigan, awtorisadong ahensya ng tulong sa panahon ng sakuna, o iba pang taong dati mo nang pinangalanan. Gagamit kami ng propesyonal na pagpapasya at karanasan upang matukoy kung makakabuti ba sa iyo ang nabanggit na paghahayag. Kung makakabuti sa iyo ang paghahayag, ang PHI lang na direktang nauugnay sa taong tumutulong sa iyong pangangalaga ang ihahayag namin.
  - **Mga Bilanggo** – Kung isa kang bilanggo sa isang institusyon ng pagwawasto o kung nasa ilalim ka ng pangangalaga ng isang opisyal na nagpapatupad ng batas, maaari naming ihayag ang PHI sa institusyon ng pagwawasto o opisyal na nagpapatupad ng batas, kung kinakailangan ang naturang impormasyon upang mabigyan ka ng institusyon ng pangangalagang pangkalusugan, maprotektahan nito ang iyong kalusugan o kaligtasan, o ang kalusugan o kaligtasan ng ibang tao, o para sa kaligtasan at seguridad ng institusyon ng pagwawasto.
  - **Pananaliksik** – Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga mananaliksik kapag naaprubahan ang kanilang klinikal na pananaliksik na pag-aaral, at kung may ilang partikular na pag-iingat na pinapairal upang matiyak na magiging pribado at mapoprotektahan ang iyong PHI.

### **Mga Paggamit at Paghahayag ng Iyong PHI na Nangangailangan ng Nakasulat na Pahintulot mula sa Iyo**

Kailangan naming humingi ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo upang magamit o maihayag ang iyong PHI, nang may ilang pagbubukod, para sa mga sumusunod na dahilan:

**Pagbebenta ng PHI** – Hihingi kami ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo bago kami gumawa ng anumang paghahayag na itinuturing na pagbebenta ng iyong PHI, gaya ng pagtanggap ng bayad para sa paghahayag ng PHI.

**Marketing** – Hihingi kami ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo upang magamit o maihayag ang iyong PHI para sa mga layunin sa marketing nang may ilang pagbubukod, gaya ng personal na pakikipag-ugnayan namin sa iyo para sa marketing o pagbibigay namin ng mga pampromosyong regalo na may nominal value.

**Mga Tala sa Psychotherapy** – Hihingi kami ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo upang magamit o maihayag ang alinman sa iyong mga tala sa psychotherapy na naka-file sa amin nang may ilang pagbubukod, gaya ng para sa ilang partikular na paggamot, pagbabayad, o pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan.

## **Mga Karapatan ng Indibidwal**

Narito ang iyong mga karapatan kaugnay ng iyong PHI. Kung gusto mong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa dulo ng Abisong ito.

- ***Karapatang Bawiin ang Isang Pahintulot*** – Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras; nakasulat dapat ang pagbawi sa iyong pahintulot. Magkakaroon kaagad ng bisa ang nasabing pagbawi, maliban na lang kung nakagawa na kami ng mga pagkilos batay sa pahintulot at bago namin natanggap ang iyong nakasulat na pahintulot.
- ***Karapatang Humiling ng Mga Paghihigpit*** – May karapatan kang humiling ng mga paghihigpit sa paggamit at paghahayag ng iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad o pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, gayundin para sa mga paghahayag sa mga taong nauugnay sa iyong pangangalaga o sa pagbabayad ng iyong pangangalaga, gaya ng mga kapamilya o malapit na kaibigan. Dapat isaad ng iyong kahilingan ang mga paghihigpit na hinihiling mo at ang estado kung saan nalalapat ang mga paghihigpit. Hindi namin kailangang sumang-ayon sa kahilingang ito. Kung sasang-ayon kami, susundin namin ang iyong kahilingan sa paghihigpit maliban na lang kung kinakailangan ang impormasyon upang mabigyan ka ng paggamot na pang-emergency. Gayunpaman, paghihigpitan namin ang paggamit o paghahayag ng PHI para sa pagbabayad o pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan kung binayaran mo ang isang serbisyo o item nang buo mula sa sariling bulsa.
- ***Karapatang Humiling ng Kumpidensyal na Komunikasyon*** – May karapatan kang hilingin na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa iyong PHI sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa mga alternatibong lokasyon. Nalalapat lang ang karapatang ito sa mga sumusunod na sitwasyon: (1) kapag naghahayag ang komunikasyon ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider na nauugnay sa pagtanggap ng mga sensitibong serbisyo, o (2) kapag maaaring mailagay sa panganib ang iyong buhay kapag hindi ipinabatid ang lahat ng o ang ilan sa medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa alternatibong lokasyon na gusto mo. Hindi mo kailangang ipaliwanag ang dahilan ng iyong kahilingan, ngunit malinaw dapat na nakasaad sa iyong kahilingan na naghahayag ang komunikasyon ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider na nauugnay sa pagtanggap ng mga sensitibong serbisyo, o na mailalagay sa panganib ang iyong buhay kapag inihayag ang lahat ng o ang ilan sa medikal na impormasyon o pangalan at address ng provider nang hindi binabago ang paraan o lokasyon ng komunikasyon. Dapat naming pagbigyan ang iyong kahilingan kung makatuwiran ito at kung isinasaad nito ang alternatibong paraan o lokasyon kung saan dapat ihatid ang iyong PHI.
- ***Karapatang I-access ang Iyong PHI at Makatanggap ng Mga Kopya Nito*** – May karapatan kang tingnan ang iyong PHI, na nakapaloob sa nakatalagang record set, o makakuha ng mga kopya nito nang may ilang pagbubukod. Maaari mong hilingin sa aming magbigay ng mga kopya sa isang format bukod pa sa mga photocopy. Gagamitin namin ang format na hiniling mo maliban na lang kung wala kaming kakayahang gawin ito. Dapat kang magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat upang magkaroon ka ng access sa iyong PHI. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag, at sasabihin namin sa iyo kung maaaring suriin ang mga dahilan ng pagtangga at kung paano humiling ng ganoong pagsusuri, o kung hindi maaaring suriin ang nasabing pagtangga.
- ***Karapatang Baguhin ang Iyong PHI*** – May karapatan kang hilingin sa amin na susugan o baguhin ang iyong PHI kung sa palagay mo ay mali ang impormasyong nakapaloob dito.

Nakasulat dapat ang iyong kahilingan, at dapat ay ipaliwanag nito kung bakit dapat susugan ang impormasyon. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan para sa ilang partikular na mga dahilan: halimbawa, kung hindi kami ang gumawa sa impormasyong gusto mong susugan, at nasusugan ito ng gumawa sa PHI. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag. Maaari kang tumugon sa pamamagitan ng isang pahayag na nagsasabing hindi ka sumasang-ayon sa aming pasya, at ilalakis namin ang iyong pahayag sa PHI na pinapasusugan mo sa amin. Kung tatanggapin namin ang iyong kahilingan na susugan ang impormasyon, magsasagawa kami ng mga makatuwirang hakbang upang maipalapat ang pagsusog sa ibang tao, kasama ang mga taong papangalanan mo, at isama ang mga pagbabago sa mga paghahayag ng impormasyong iyon sa hinaharap.

- ***Karapatang Makatanggap ng Listahan ng Mga Paghahayag*** – May karapatan kang makatanggap ng listahan ng mga pangyayari sa nakalipas na 6 na taon kung saan inihayag namin o ng aming mga kasosyo sa negosyo ang iyong PHI. Hindi ito nalalapat sa paghahayag para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, o mga paghahayag na pinahintulutan mo, at iba pang partikular na aktibidad. Kung hihilingin mo ang listahang ito nang mahigit sa isang beses sa loob ng 12 buwan, maaari ka naming singilin ng makatuwirang bayarin batay sa gastusin para sa pagtugon sa mga nabanggit na karagdagang kahilingan. Bibigyan ka namin ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga bayarin sa panahon ng iyong paghiling.
- ***Karapatang Maghain ng Reklamo*** – Kung sa palagay mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa privacy o nilabag namin ang aming mga sariling karapatan sa privacy, maaari kang maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa Kalihim ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) ng U.S. sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue, SW, Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1-800-368-1019 (TTY: 1-866-788-4989), o pagbisita sa [www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints).

### **HINDI KAMI GAGAWA NG ANUMANG PAGKILOS LABAN SA IYO DAHIL SA PAGHAHAIN NG ISANG REKLAMO.**

- ***Karapatang Makatanggap ng Kopya ng Abisong Ito*** – Maaari kang humingi ng kopya ng aming Abiso anumang oras gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa dulo ng Abiso. Kung matatanggap mo ang Abisong ito sa aming website o sa pamamagitan ng electronic mail (email), may karapatan ka ring humingi ng aktwal na kopya ng Abiso.

## **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Abisong ito, sa aming mga kasanayan sa privacy na nauugnay sa iyong PHI, o sa paggamit ng iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa ibaba.

### **Health Net Privacy Office**

Attn.: Privacy Official  
PO Box 9103  
Van Nuys, CA 9140

**Telepono:** 1-855-464-3571 sa Los Angeles  
1-855-464-3572 sa San Diego  
(TTY: 711)  
Fax: 1-818-676-8314  
Email: [Privacy@healthnet.com](mailto:Privacy@healthnet.com)



## **ABISO PARA SA PRIVACY NG IMPORMASYON SA PANANALAPI**

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG IYONG **IMPORMASYON SA PANANALAPI**, AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.

Layunin naming panatiliing kumpidensyal ang iyong personal na impormasyon sa pananalapi. Para sa mga layunin ng abisong ito, tumutukoy ang “personal na impormasyon sa pananalapi” sa impormasyon tungkol sa isang nagpapatala o applicant para sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal, hindi pangkalahatang available sa publiko, at kinokolekta sa indibidwal o kinukuha kaugnay ng pagbibigay ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa indibidwal.

**Ang Impormasyong Kinokolekta Namin:** Kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon sa pananalapi mula sa mga sumusunod na mapagkukunan:

- Sa impormasyong natatanggap namin mula sa iyo sa mga aplikasyon o iba pang form, gaya ng pangalan, address, edad, medikal na impormasyon, at Social Security number;
- Sa impormasyon tungkol sa iyong mga transaksyon sa amin, sa aming mga kaanib, o iba pang bagay, gaya ng mga pagbabayad ng premium at kasaysayan ng mga claim; at
- Sa impormasyon mula sa mga ulat ng consumer.

**Paghahayag ng Impormasyon:** Hindi namin inihahayag ang personal na impormasyon sa pananalapi ng mga nagpapatala o dating nagpapatala sa amin sa anumang third party, maliban na lang kung iniaatas o pinapahintulutan ito ng batas. Halimbawa, sa pagsasagawa ng aming mga pangkalahatang kasanayan sa negosyo, maaari naming ihayag, kung pinapahintulutan ng batas, ang alinman sa personal na impormasyon sa pananalapi na kinokolekta namin tungkol sa iyo, nang walang pahintulot mo, sa mga sumusunod na uri ng mga institusyon:

- Sa aming mga kaanib sa kumpanya, gaya ng iba pang insurer;
- Sa mga kumpanyang hindi namin kaanib, para sa mga pang-araw-araw na layunin ng aming negosyo gaya ng pagproseso ng iyong mga transaksyon, pagpapanatili sa iyong (mga) account, o pagtugon sa mga kautusan ng hukuman at legal na pagsisiyasat; at
- Sa mga kumpanyang hindi namin kaanib, na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin kasama ang pagpapadala ng mga pampromosyong komunikasyon sa aming ngalan.

**Pagiging Kumpidensyal at Seguridad:** May mga ginagawa kaming aktwal, electronic, at pamamaraang pag-iingat, alinsunod sa mga naaangkop na pamantayan ng estado at pederal, upang maprotektahan ang iyong personal na impormasyon sa pananalapi mula sa mga panganib gaya ng pagkawala, pagkasira, o maling paggamit. Kasama sa mga ito ang mga pag-iingat sa computer, ligtas na file at gusali, at mga paghihigpit sa mga taong maaaring mag-access sa iyong personal na impormasyon sa pananalapi.

### **Mga Tanong Tungkol sa Abisong Ito:**

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa abisong ito:

Mangyaring **tumawag sa toll-free na numero ng telepono sa likod ng iyong ID card** o makipag-ugnayan sa Health Net sa 1-855-464-3571 sa Los Angeles o sa 1-855-464-3572 sa San Diego (TTY: 711).

# Health Net Cal MediConnect Nondiscrimination Notice

---

Health Net Community Solutions, Inc. (Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan)) complies with applicable federal civil rights laws and does not discriminate on the basis of race, color, national origin, age, disability, or sex. Health Net Cal MediConnect does not exclude people or treat them differently because of race, color, national origin, age, disability, or sex.

## Health Net Cal MediConnect:

- Provides free aids and services to people with disabilities to communicate effectively with us, such as qualified sign language interpreters and written information in other formats (large print, accessible electronic formats, other formats).
- Provides free language services to people whose primary language is not English, such as qualified interpreters and information written in other languages.

If you need these services, contact the Health Net Cal MediConnect Customer Contact Center at 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711) from 8 a.m. to 8 p.m., Monday through Friday. After hours, on weekends and on holidays, you can leave a message. Your call will be returned within the next business day. The call is free.

If you believe that Health Net Cal MediConnect has failed to provide these services or discriminated in another way on the basis of race, color, national origin, age, disability or sex, you can file a grievance by calling the number above and telling them you need help filing a grievance; the Health Net Cal MediConnect Customer Contact Center is available to help you.

You can also file a civil rights complaint with the U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, electronically through the Office for Civil Rights Complaint Portal, available at <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf> or by mail or phone at: U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue SW, Room 509F, HHH Building, Washington, DC 20201, 1-800-368-1019, (TDD: 1-800-537-7697). Complaint forms are available at <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

# Multi-Language Insert

## Multi-language Interpreter Services

**English:** ATTENTION: If you do not speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Spanish:** ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Chinese Mandarin:** 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711)。

**Chinese Cantonese:** 注意：如果您說中文，您可獲得免費的語言協助服務。請致電 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711)。

**Tagalog:** PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Vietnamese:** CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Korean:** 주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711). 번으로 전화해 주십시오.

**Russian:** ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Arabic:** ملحوظة: إذا كنت تتحدث العربية، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل بالرقم 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Hindi:** ध्यान दें: यदि आप बोलत हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711). पर कॉल कर।

**Japanese:** 注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711)。まで、お電話にてご連絡ください。

**Farsi:** توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Thai:** เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Armenian:** ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆՆԵՐ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվակազմակերպչական ծառայություններ: Չանգահարեք 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711)

**Cambodian:** ប្រយ័ត្ន៖ បើសិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា ដោយមិនគិតល្អល គឺអាចមានសំរាប់បំរើអ្នក។ ចូរ ទូរស័ព្ទ 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Hmong:** LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).

**Punjabi:** ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711) ‘ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

**Laotian:** ໂປດຊາບ: ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາອັງກິດ, ການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາທີ່ບໍ່ເສຍຄ່າມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ກະລຸນາໂທ 1-855-464-3571 (Los Angeles), 1-855-464-3572 (San Diego) (TTY: 711).